
# Ipinanumbalik ang mga Susi ng Priesthood sa Templo ng Kirtland

## Aktibidad sa Pag-aaral A

**DOKTRINA AT MGA TIPAN 110:11**

Ipinanumbalik ni Moises ang mga susi ng "pagtitipon sa Israel" (Doktrina at mga Tipan 110:11). Pinahihintulutan ng mga susi ng pagtitipon ang mga tagapaglingkod na maytaglay ng awtoridad na ito na ipangaral ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo sa mga bansa sa mundo.
Ipinahayag ni Pangulong Russell M. Nelson:



Kapag sinasabi nating pagtitipon ng Israel sa magkabilang panig ng tabing, ibig sabihin ay gawaing misyonero, gawain sa templo at family history. Ito rin ang pagpapatatag ng pananampalataya at patotoo sa puso ng mga taong kasama natin sa buhay, katrabaho, at pinaglilingkuran natin. (Russell M. Nelson, "Hayaang Manaig ang Diyos," *Liahona*, Nob. 2020, 92)


- Paano ka makatutulong na palakasin ang pananampalataya at patotoo sa puso ng mga nakakasama mo sa bawat araw?

- Paano naimpluwensyahan ang iyong buhay o ang buhay ng kakilala mo ng pagtulong sa atin ng Panginoon sa pamamagitan ng gawaing misyonero?

## Aktibidad sa Pag-aaral B

**DOKTRINA AT MGA TIPAN 110:12**

Ipinagkaloob ni Elias ang dispensasyon ng ebanghelyo ni Abraham (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 110:12). Kabilang dito ang pagpapanumbalik ng tipang Abraham.
Ipinaliwanag ni Pangulong Russell M. Nelson:



Ang tipang ginawa ng Diyos kay Abraham . . . [ay naglalaman] ng ilang pangako, kabilang ang . . . lahat ng mga bansa sa mundo ay pagpapalain sa pamamagitan ng kanyang binhi. . . .

. . . [N]atanggap natin, tulad nila noong unang panahon, ang banal na priesthood at ang walang-hanggang ebanghelyo. May karapatan tayong tanggapin ang kabuuan ng ebanghelyo, tamasahin ang mga pagpapala ng priesthood, at maging marapat sa pinakamalaking pagpapala ng Diyos—ang buhay na walang hanggan. (Russell M. Nelson, "Mga Tipan," *Liahona,* Nob. 2011, 87–88)

- Ano ang ilang paraan na pinagpapala ng Panginoon ang mga indibiduwal, pamilya, at bansa sa pamamagitan ng Kanyang ebanghelyo at priesthood?

- Anong mga pagpapala mula sa Panginoon ang nararanasan mo sa pamamagitan ng Kanyang ebanghelyo at priesthood?